Pananampalataya sa Diyos

para sa mga Batang Lalaki

"Na ikaw ay makilala nila na iisang Dios na tunay, at siyang iyong sinugo, sa makatuwid baga'y si Jesucristo."

Juan 17:3

Ang pangalan ko ay _____



AKO AY ANAK NG DIYOS

Alam kong mahal ako ng Ama sa Langit,
at mahal ko Siya.

Makakapagdasal ako sa Ama sa Langit
kahit kailan, kahit saan.

Sinisikap kong alalahanin at sundin si Jesucristo.

Mahal Naming Batang Kaibigan,

Ikaw ay anak ng Diyos. Siya ang iyong Ama sa Langit. Mahal ka Niya at nagmamalasakit Siya sa iyo. Gusto Niyang manalig ka at manalangin nang madalas sa Kanya—kahit kailan, kahit saan.

Umaasa Siyang tutuparin mo ang tipan na ginawa mo noong ikaw ay binyagan at susundin ang mga turo at halimbawa ni Jesucristo. Ibinigay Niya sa iyo ang kaloob na Espiritu Santo para gabayan ka, ang pamilya para mahalin at turuan ka, at mga lider at guro sa Primary para tulungan ka.

Naghahanda ka na ngayong tumanggap ng Aaronic Priesthood. Gamitin ang mga taon na ito para matuto tungkol sa priesthood at maging marapat at handang tumanggap nito.

Hinihikayat ka naming pag-aralan at ipamuhay ang ebanghelyo, paglingkuran ang iba, at gamitin ang mga talentong bigay sa iyo ng Ama sa Langit para matutuhan at magawa mo ang maraming mabubuting bagay. Ang pagtanggap ng Gawad na Pananampalataya sa Diyos ay makakatulong sa iyo upang maging uri ng taong nais mo at batid ng Ama sa Langit na kaya mong maging.

Mahal ka namin at ipinagdarasal ka namin.

Ang Unang Panguluhan

ANG TIPAN KO SA BINYAG

Noong binyagan ako ay nakipagtipan akong tataglayin sa aking sarili ang pangalan ni Jesucristo at paglilingkuran Siya at magiging masunurin.

Ibinigay sa akin ng Ama sa Langit ang Espiritu Santo. Sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo, mapapatawad ang aking mga kasalanan kapag nagsisi ako. Kung tutuparin ko ang tipan ko sa binyag, makababalik ako upang makapiling Siya.

Kapag tumatanggap ako ng sakrament, sinasariwa ko ang tipan kong tataglayin sa aking sarili ang pangalan ni Jesucristo, lagi Siyang aalalahanin, at susundin ang Kanyang mga kautusan. Kapag ginagawa ko ito, nadarama kong ginagabayan ako ng Espiritu Santo.

(Tingnan sa Mosias 18:8–10 at D at T 20:37.)

MGA KINAKAILANGAN SA GAWAD NA PANANAMPALATAYA SA DIYOS

Maaari mong simulan ang Gawad na Pananampalataya sa Diyos pagsapit mo ng walong taong gulang. Para makamit ang gawad, kumpletuhin ang mga kinakailangan sa gabay na aklat na ito bago ang ika-labindalawang taong kaarawan mo. Matutulungan ka ng mga magulang at mga lider mo sa Primary sa mga aktibiti.

Pangunahing mga Kinakailangan

Mahalagang bahagi ng pananampalataya sa Diyos ang pagtupad sa iyong tipan sa binyag at pananatiling malakas sa espirituwal. Para matulungan kang magkaroon ng pananampalataya at labanan ang tukso, gawin ang mga sumusunod:

- Manalangin araw-araw sa Ama sa Langit.
- Palaging basahin ang mga banal na kasulatan.
- Sundin ang mga kautusan at ipamuhay ang “Mga Pamantayan Ko sa Ebanghelyo” (tingnan sa pabalat sa likod).
- Igalang ang iyong mga magulang at maging mabait sa iyong pamilya.
- Bayaran ang iyong ikapu (tithing) at dumalo sa tithing settlement.
- Palaging dumalo sa mga sakrament miting at Primary.

Iba pang mga Kinakailangan

Ang paggawa sa sumusunod na mga aktibiti ay magpapaunlad sa pang-unawa at patotoo mo sa ebanghelyo:

- Isulat ang iyong patotoo.
- Isaulo ang Mga Saligan ng Pananampalataya at ipaliwanag ang ibig sabihin ng mga ito.
- Kumpletuhin ang mga aktibiti sa gabay na aklat para sa:
  - Pagkatuto at Pamumuhay ng Ebanghelyo (pahina 6)
  - Paglilingkod sa Iba (pahina 8)
  - Pagpapaunlad ng mga Talento (pahina 10)
  - Paghahanda para sa Priesthood (pahina 12)
- Magpainterbyu sa isang miyembro ng iyong bishopric o branch presidency.

Ang ilang mga ideya para sa mga aktibiti para makamit ang Gawad na Pananampalataya sa Diyos ay nakalista sa gabay na aklat na ito. Sa tulong ng mga magulang o ng lider mo sa Primary, maaari ka ring magplano at gumawa ng iba pang mga aktibiti. Gamitin ang tsart na nasa pahina 20 para masubaybayan ang iyong pag-unlad.

PAGKATUTO AT PAMUMUHAY NG EBANGHELYO

"Matuto ng karunungan sa iyong kabataan; oo, matuto sa iyong kabataan na sumunod sa mga kautusan ng Diyos."
Alma 37:35

Kumpletuhin ang kahit dalawa lamang sa sumusunod na mga aktibiti sa bawat taon:

- Ipaliwanag kung paano nakakatulong ang pagtanggap ng sakrament sa pagpapanibago ng iyong tipan sa binyag. Sa family home evening, turuan ang iba ng mga bagay na maaari nating gawin para manatiling tapat.
- Magbigay ng aralin sa family home evening tungkol sa Unang Pangitain ni Joseph Smith (tingnan sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:1–20). Talakayin kung paano sinasagot ng Ama sa Langit ang taimtim nating mga panalangin.
- Markahan sa banal na kasulatan mo ang mga talatang ito tungkol sa Espiritu Santo: Juan 14:16–17, 2 Nephi 32:5, at Moroni 10:5. Talakayin ang mga paraan kung paano ka tinutulungan ng Espiritu Santo.
- Basahin ang pananalita ng propeta sa kumperensya kailan lang. Pagpasiyahan ang magagawa mo upang sundin ang propeta, at gawin ito.
- Magbigay ng pambungad at pangwakas na panalangin sa family home evening o sa Primary. Ibahagi ang damdamin mo tungkol sa kung paano tayo pinoprotektahan ng panalangin at tinutulungang manatiling malapit sa Ama sa Langit at sa Tagapagligtas.
- Magkuwento mula sa Aklat ni Mormon na nagtuturo ng pananampalataya kay Jesucristo. Ibahagi ang patotoo mo tungkol sa Tagapagligtas.

- Basahin ang D at T 89. Talakayin kung paano tayo pinagpapala ng Ama sa Langit kapag tapat nating ipinamumuhay ang Word of Wisdom. Tumulong sa pagpaplano at pangangasiwa ng isang aktibiti para maituro sa iba ang Word of Wisdom.
- Maghanda ng pedigree chart na may pangalan mo at ng mga magulang at lolo't lola mo. Maghanda ng family group record para sa pamilya mo at magkuwento tungkol sa pamilya. Talakayin kung paano binabasbasan ng paggawa sa templo ang mga pamilya.
- Pag-aralang awitin ang "Piliin ang Tama" (*Mga Himno*, blg. 145). Ipaliwanag kung ano ang kalayaang pumili at ang ibig sabihin ng maging responsable sa iyong mga pagpili. Talakayin kung paano nakatulong ang pagpili ng mabuti sa pagkakaroon mo ng mas matatag na pananampalataya.
- Planuhin at kumpletuhin ang sarili mong aktibiti na tutulong sa iyo na matutuhan at ipamuhay ang ebanghelyo (isulat ang aktibiti sa ibaba).

PAGLILINGKOD SA IBA

"At masdan, sinasabi ko sa inyo ang mga bagay na ito upang inyong matamo ang karunungan; upang inyong malaman na kung kayo ay nasa paglilingkod ng inyong kapwa-tao, kayo ay nasa paglilingkod lamang ng inyong Diyos."
Mosias 2:17

Kumpletuhin ang kahit dalawa lamang sa sumusunod na mga aktibiti bawat taon:

- Basahin at talakayin ang talinghaga ng mabuting Samaritano (tingnan sa Lucas 10:30–37). Magplano at magkumpleto ng isang proyektong paglilingkod na nakakatulong sa miyembro ng pamilya o kapitbahay. Matapos kumpletuhin ang proyekto, talakayin kung paano nito mas napatatag ang iyong pananam-palataya.

- Sumulat ng liham sa isang guro, sa iyong mga magulang, o sa iyong mga lolo at lola na isinasaad kung ano ang pinasasalamatan at iginagalang mo sa kanila.
- Gumawa ng listahan ng mga katangiang gusto mo sa isang tao. Pumili ng isang katangiang gusto mong taglayin. Talakayin kung paano nakapagpapalakas sa iyo, sa iyong pamilya, at sa iba ang pagpapakita ng paggalang at kabaitan.
- Magplano, maghanda, at maghain ng masarap na pagkain.
- Aliwin ang maliliit na bata sa mga awit o larong natutuhan mo o ikaw mismo ang may gawa. Ipakitang kaya mong alagaan at protektahan ang batang paslit.
- Matuto ng at magsanay sa kabutihang asal at paggalang.
- Magplano at magdaos ng aktibiting pangmagulang-at-anak, tulad ng hapunan, piknik, paglalakad, pagbibiyahe, o proyektong paglilingkod.
- Basahin ang ikalabindalawang saligan ng pananampalataya. Talakayin ang kahulugan ng pagiging mabuting mamamayan at ang epekto ng mga kilos mo sa iba.
- Tulungan ang mga lider ninyo sa Primary na magplano at magsagawa ng aktibiti tuwing ikatlong buwan.
- Magplano at magkumpleto ng sarili mong aktibiti na maglingkod sa iba (isulat ang aktibiti sa ibaba).

PAGPAPAUNLAD NG MGA TALENTO

"Sapagkat hindi lahat ay pinagkakalooban ng lahat ng kaloob; sapagkat maraming kaloob, at sa bawat tao ay ipinagkaloob ang isang kaloob sa pamamagitan ng Espiritu ng Diyos."
Doktrina at mga Tipan 46:11

Kumpletuhin ang kahit dalawa lamang sa sumusunod na mga aktibiti sa bawat taon:

- Matutong magbadyet at mag-impok ng pera. Talakayin kung bakit mahalaga na tapat na magbayad ng ikapu at kung paano tayo pinagpapala ng Ama sa Langit kapag ginagawa natin ito (tingnan sa 3 Nephi 24:10–11). Bayaran ang iyong ikapu at magsimulang mag-impok para sa misyon.
- Matutong umawit, maglaro, o kumumpas sa isang kanta mula sa *Aklat ng mga Awit Pambata*. Ituro o ibahagi ang awitin sa family home evening o sa Primary. Talakayin kung paano nakakatulong ang pagpapaunlad ng ating mga talento sa paghahanda nating maglingkod sa Ama sa Langit at sa ibang tao.
- Sumulat ng tula, kuwento, o maikling dula na nagtuturo ng alituntunin ng ebanghelyo o tungkol sa mga likha ng Ama sa Langit.
- Gumawa ng isang bagay mula sa kahoy, metal, tela, o iba pang materyal, o magdrowing, magpinta, o lumilok ng isang makasining na bagay. Idispley ang natapos mo para makita ng iba.
- Bumisita sa isang art museum o dumalo sa concert, dula, o iba pang cultural event. Ikuwento ang karanasan mo sa iyong pamilya o ka-grupo sa araw ng aktibiti.
- Basahin ang D at T 88:118. Talakayin ang ibig sabihin ng "maghangad na matuto, maging sa pamamagitan ng pag-aaral

at gayon din sa pamamagitan ng pananampalataya.” Pagbutihin ang sarili mong ugali sa pag-aaral sa paggawa ng mga bagay na tulad ng pag-aaral kung paano mamili at magbasa ng mabubuting aklat o pagiging handa sa eskuwela sa bawat araw.

- Maglista ng limang bagay na magagawa mo para makatulong sa tahanan. Talakayin ang kahalagahan ng pagsunod at paggalang sa iyong mga magulang at pagkatutong magtrabaho.
- Magplano ng sarili mong programa sa pisikal na kalusugan na maaaring kapalooban ng pagkatutong maglaro ng isang isports o laro. Sumali sa programa sa loob ng isang buwan.
- Mag-aral ng at magsanay sa mabuting nutrisyon, mabuting kalusugan, at pag-aayos ng katawan, kabilang na ang disenteng pananamit.
- Magplano at magkumpleto ng sarili mong aktibiti na makakatulong sa iyo na mapaunlad ang iyong mga talento (isulat ang aktibiti sa ibaba).

PAGHAHANDA PARA SA PRIESTHOOD

"Ang . . . Pagkasaserdoteng Aaron . . . ay kaakibat sa nakatataas, o ang Pagkasaserdoteng [Melchizedek], at may kapangyarihan sa pangangasiwa sa mga panlabas na ordenansa."
Doktrina at mga Tipan 107:13–14

Kumpletuhin ang sumusunod na mga aktibiti habang 11 taong gulang ka. Tutulungan ka nitong maghanda sa pagtanggap ng Aaronic Priestood at maging mabuting binatilyo.

- Pag-aralan ang pagpapanumbalik ng Aaronic Priesthood (tingnan sa D at T 13, 107:20, at Joseph Smith—Kasaysayan 1:68–73).
- Basahin ang D at T 20:57–60 at ang *Aaronic Priesthood: Pagtupad ng Ating Tungkulin sa Diyos [Deacon],* pahina 7. Talakayin sa isang magulang o lider ang mga layunin ng Aaronic Priesthood at ang kahulugan ng pagganap ng iyong tungkulin sa Diyos.
- Kausapin ang panguluhan ng korum ng mga deacon tungkol sa papel ng korum ng mga deacon. Isulat sa iyong journal kung paano ka makapaglilingkod sa Panginoon bilang miyembro ng korum ng mga deacon.
- Basahin ang D at T 88:77–80, 118 at D at T 130:19. Talakayin sa isang magulang o lider ng Primary kung gaano kahalaga ang mabuting edukasyon at kung paano ito makakatulong na pata-tagin ka bilang maytaglay ng priesthood sa iyong tahanan at pamilya at sa Simbahan.

- Basahin ang “Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo.” Gumawa ng listahan ng mga bagay na magagawa mo para tulungang mapatatag ang iyong pamilya at lumikha ng maligayang tahanan. Ipakita ang listahan sa iyong mga magulang o lider ng Primary.



ANG AKING PATOTOO

Habang natututuhan at ipinamumuhay mo ang ebanghelyo, patuloy na lalago ang iyong patotoo. Gamitin ang mga pahinang ito para isulat ang iyong patotoo tungkol sa Ama sa Langit at sa Tagapagligtas. Isulat din ang kahulugan sa iyo ng tipan sa binyag. Maaari ka ring magdagdag sa isinulat mong patotoo sa sarili mong journal.

ANG MGA SALIGAN NG PANANAMPALATAYA

NG ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW

1. NANINIWALA KAMI sa Diyos, ang Amang Walang Hanggan, at sa Kanyang Anak, na si Jesucristo, at sa Espiritu Santo.

2. NANINIWALA KAMI na ang mga tao ay parurusahan dahil sa kanilang sariling mga kasalanan, at hindi dahil sa paglabag ni Adan.

3. NANINIWALA KAMI na sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Cristo, ang buong sangkatauhan ay maaaring maligtas, sa pamamagitan ng pagsunod sa mga batas at ordenansa ng Ebanghelyo.

4. NANINIWALA KAMI na ang mga pangunahing alituntunin at ordenansa ng Ebanghelyo ay: una, Pananampalataya sa Panginoong Jesucristo; pangalawa, Pagsisisi; pangatlo, Pagbibinyag sa pamamagitan ng paglulubog para sa kapatawaran ng mga kasalanan; pang-apat, Pagpapatong ng mga kamay para sa kaloob na Espiritu Santo.

5. NANINIWALA KAMI na ang tao ay kinakailangang tawagin ng Diyos, sa pamamagitan ng propesiya, at ng pagpapatong ng mga kamay ng mga yaong may karapatan, upang ipangaral ang Ebanghelyo at mangasiwa sa mga ordenansa niyon.

6. NANINIWALA KAMI sa samahan ding yaon na umiral sa Sinaunang Simbahan, alalaong baga'y mga apostol, propeta, pastor, guro, ebanghelista, at iba pa.

7. NANINIWALA KAMI sa kaloob na mga wika, propesiya, paghahayag, mga pangitain, pagpapagaling, pagbibigay-kahulugan sa mga wika, at iba pa.

8. NANINIWALA KAMI na ang Biblia ay salita ng Diyos hangga't ito ay nasasalin nang wasto; naniniwala rin kami na ang Aklat ni Mormon ay salita ng Diyos.

9. NANINIWALA KAMI sa lahat ng ipinahayag ng Diyos, sa lahat ng Kanyang ipinahahayag ngayon, at naniniwala rin kami na maghahayag pa Siya ng maraming dakila at mahahalagang bagay hinggil sa Kaharian ng Diyos.

10. NANINIWALA KAMI sa literal na pagtitipon ng Israel at sa pagpapanumbalik ng Sampung Lipi; na ang Sion (ang Bagong Jerusalem) ay itatayo sa lupalop ng Amerika; na maghahari si Cristo sa mundo; at, ang mundo ay babagohin at matatanggap nito ang malaparaisong kaluwalhatian.

11. INAANGKIN NAMIN ang natatanging karapatang sambahin ang Pinakamakapangyarihang Diyos alinsunod sa mga atas ng aming sariling budhi, at pinahihintulutan ang lahat ng tao ng gayon ding karapatan, hayaan silang sumamba, kung paano, kung saan, kung anuman ang ibig nila.

12. NANINIWALA KAMI sa pagpapasailalim sa mga hari, pangulo, namamahala, at hukom, sa pagsunod, paggalang at pagtataguyod ng batas.

13. NANINIWALA KAMI sa pagiging matapat, tunay, malinis, mapagkawanggawa, marangal, at sa paggawa ng mabuti sa lahat ng tao; sa katotohanan, maaari naming sabihing sinusunod namin ang payo ni Pablo—Naniniwala kami sa lahat ng bagay, umaasa kami sa lahat ng bagay, nakapagtiis kami ng maraming bagay, at umaasang makapagtitiis sa lahat ng bagay. Kung may anumang bagay na marangal, kaaya-aya, o magandang balita, o maipagkakapuri, hinahangad namin ang mga bagay na ito.

JOSEPH SMITH

IMPORMASYON PARA SA MGA MAGULANG AT MGA LIDER

Responsibilidad ng mga magulang na tulungan ang kanilang mga anak na matutuhan at maipamuhay ang ebanghelyo. Tinutulungan ng mga lider at guro sa Primary ang mga magulang sa mahalagang responsibilidad na ito. Ang gabay na aklat na ito ng Pananampalataya sa Diyos ay makakatulong sa mga batang lalaki at babae na maabot ang kanilang dakilang potensyal bilang mga anak ng Diyos.

LAYUNIN

Ang layunin ng mga gabay na aklat ng Pananampalataya sa Diyos ay tulungan ang mga batang lalaki at babaeng edad 8 hanggang 11 na ipamuhay ang mga aliuntunin ng ebanghelyo, magkaroon ng patotoo, magkaroon ng mga kaibigan, at maghandang tanggapin ang Aaronic Priesthood o maging mabuting dalagita. Ang mga batang kukumpleto ng mga kinakailangan sa gabay na aklat ay maaaring kamtan ang Gawad na Pananampalataya sa Diyos.

PAANO PINATATAKBO ANG PROGRAMA

Ang mga bata ay nakikisali sa mga aktibiting tumutulong sa kanila na magkaroon ng mga kaugalian sa ebanghelyo tulad ng pagdarasal, pagbabasa ng mga banal na kasulatan, at pamumuhay ng "Mga Pamantayan Ko sa Ebanghelyo" (tingnan sa pabalat sa likod). Nakikisali rin sila sa iba't ibang mga aktibiti sa sumusunod na mga larangan: (1) pagkatuto at pamumuhay ng ebanghelyo, (2) paglilingkod sa iba, (3) pagpapaunlad ng mga talento, at (4) paghahanda para sa priesthood o para sa Young Women.

Ang mga aktibiti para sa programa ay nakabalangkas sa dalawang gabay na aklat: *Pananampalataya sa Diyos para sa mga Batang Lalaki* at *Pananampalataya sa Diyos para sa mga Batang Babae.* Maaaring gawin ng mga bata ang mga aktibiti sa tahanan, kasama ng kanilang pamilya, o sa araw ng aktibiti sa Primary (tingnan sa pahina 18).

MGA ARAW NG AKTIBITI SA PRIMARY

Layon ng mga araw ng aktibiti sa Primary na bigyang-pagkakataon ang mga batang lalaki at babaeng edad 8 hanggang 11 na gawin ang

mga aktibiti sa programang Pananampalataya sa Diyos. Ang mga araw ng aktibiti ay karaniwang ginaganap dalawang beses sa isang buwan sa isang tahanan o sa meetinghouse. Ang budget allowance ng yunit ang dapat sumagot sa mga gastusin para sa mga araw ng aktibiti ng Primary. Ang mga araw ng aktibiti ay dapat simulan at tapusin sa panalangin. Depende sa lokal na mga pangangailangan at kalagayan, maaaring isabay ang araw ng aktibiti sa iba pang aktibiti sa Simbahan anumang araw maliban kung Linggo.

Paminsan-minsan, maaaring anyayahan ng mga lider ang mas maliliit na bata sa Primary para makasama ng mga 8 hanggang 11 taong gulang sa isang araw ng aktibiti. Minsan lamang ito dapat ganapin tuwing ikatlong buwan. Ang mga araw ng aktibiti kung saan kasali ang lahat ng bata ay pinaplano ng panguluhan ng Primary. Maraming ideyang magagamit sa gabay na aklat na ito sa pagpaplano ng mga araw na ito ng aktibiti. Maaaring anyayahan ng panguluhan ang lider sa mga araw ng aktibiti at mga batang edad 8 hanggang 11 para tumulong sa pagpaplano at pagsasagawa ng aktibiti.

MGA LIDER AT GURO SA PRIMARY

Sa pamamahala ng panguluhan ng Primary, isang guro sa Primary o iba pang karapat-dapat na adult ang nagsisilbing lider sa mga araw ng aktibiti. Ang mga araw ng aktibiti para sa mga batang babae ay dapat pamunuan ng isang babaeng adult. Kapag nagpaplano ng mga aktibiti, dapat isaalang-alang ng mga lider ang mga ideya mula sa gabay na aklat na ito, sa "Mga Pamantayan Ko sa Ebanghelyo," sa *Ang Kaibigan*, at sa mga bata mismo. Ang mga magulang at iba pa na may mga natatanging kasanayan ay maaanyayahang tumulong.

Matutulungan ng mga magulang ang kanilang mga anak na kumpletuhin ang mga aktibiti sa mga gabay na aklat, lalo na kapag mahirap tipunin ang mga bata para sa mga araw ng aktibiti sa Primary.

PRIESTHOOD PREVIEW

Bawat taon, nakikipagkita ang bishopric sa lahat ng 11 taong gulang na mga batang lalaki at sa kanilang mga magulang para tulungan silang maunawaan ang kahalagahan ng priesthood at patatagin ang pangako nilang maghanda sa pagtanggap nito. Dumadalo rin sa miting ang panguluhan ng Primary.

PAGPAPAALAM AT PAGKILALA

Kapag nag-walong taong gulang na ang isang bata, ang isang miyembro ng panguluhan ng Primary at ang lider sa mga araw ng aktibiti ay binibigyan ang bata at mga magulang niya ng kopya ng gabay na aklat at ipinaliliwanag ang layunin ng mga araw ng aktibiti at kung paano nakakamit ang Gawad na Pananampalataya sa Diyos.

Ang pagkilala sa mga nagawa ay dapat magpatuloy, tulad ng mga sumusunod:

1. Sa pagkumpleto ng mga bata ng mga aktibiti, masusubaybayan nila ang kanilang pag-unlad sa pagmamarka sa tsart na nasa pahina 20 ng gabay na aklat na ito.
2. Kahit dalawang beses lang sa isang taon, dapat magkaroon ng mga pagkakataon ang mga bata sa isang araw ng aktibiti ng Primary na maibahagi ang natutuhan at nagawa nila.
3. Kapag nakumpleto na ang lahat ng kinakailangang aktibiti, lalagdaan ng Primary president at ng bishop o branch president ang sertipikong Gawad na Pananampalataya sa Diyos sa huling pahina ng gabay na aklat na ito. Isang miyembro ng bishopric, panguluhan ng branch, o panguluhan ng Primary ang kikilala sa nagawa ng bata sa Primary.

Dapat tulungan ng mga magulang at mga lider ang mga bata na maunawaan na ang galak sa pamumuhay ng ebanghelyo ang siyang pinakamahalagang gantimpala.

REKORD NG TAGUMPAY SA PANANAMPALATAYA SA DIYOS

Gamitin ang pahinang ito para subaybayan ang progreso mo sa pag-kakamit ng Gawad na Pananampalataya sa Diyos. Tuwing makaka-kumpleto ka ng isang aktibiti, markahan ang isa sa mga kahon sa ilalim ng tamang pamagat. Kapag nakumpleto mo na ang lahat ng kinakailangan, rebyuhin ang iyong mga aktibiti at ang natutuhan mo mula sa iyong mga lider.

PAGKATUTO AT PAMUMUHAY NG EBANGHELYO

PAGLILINGKOD SA IBA

PAGPAPAUNLAD NG MGA TALENTO

PAGHAHANDA PARA SA PRIESTHOOD

MGA SALIGAN NG PANANAMPALATAYA

NAISULAT KO NA ANG AKING PATOTOO.

NAINTERBYU AKO NG ISANG MIYEMBRO NG AKING BISHOPRIC O PANGULUHAN NG BRANCH NOONG _____ .

GAWAD NA PANANAMPALATAYA SA DIYOS

Si _____

Pangalan ng bata

ay nakumpleto ang mga kinakailangan para matanggap ang Gawad na Pananampalataya sa Diyos mula sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw.

_____

Lagda ng Primary president

_____

Petsa

Naihanda niya ang kanyang sarili para maorden sa katungkulan ng deacon sa Aaronic Priesthood.

_____

Lagda ng bishop o branch president

_____

Petsa

MGA PAMANTAYAN KO SA EBANGHELYO

Susundin ko ang plano ng Ama sa Langit para sa akin.

Aalalahanin ko ang aking tipan sa binyag at makikinig sa Espiritu Santo.

Pipiliin ko ang tama. Alam kong makakapagsisi ako kapag ako ay nagkakamali.

Magiging tapat ako sa Ama sa Langit, sa ibang tao, at sa aking sarili.

Gagamitin ko nang buong paggalang ang mga pangalan ng Ama sa Langit at ni Jesucristo. Hindi ako susumpa o gagamit ng magagaspang na salita.

Gagawin ko sa Sabbath ang mga bagay na makakatulong sa akin para mapalapit ako sa Ama sa Langit at kay Jesucristo.

Igagalang ko ang aking mga magulang at gagampanan ko ang bahagi ko para mapatatag ang aking pamilya.

Pananatilihin kong sagrado at dalisay ang aking isipan at katawan, at hindi ako makikibahagi sa mga bagay na makapipinsala sa akin.

Mananamit ako nang disente para magpakita ng paggalang sa Ama sa Langit at sa aking sarili.

Tanging mga bagay lamang na nakalulugod sa Ama sa Langit ang babasahin at panonoorin ko.

Ang tanging pakikinggan kong musika ay iyong nakalulugod sa Ama sa Langit.

Mababuting kaibigan ang hahanapin ko at magiging mabait ako sa iba.

Mamumuhay ako ngayon nang karapat-dapat para makapunta sa templo at gagampanan ang aking bahagi para magkaroon ng walang-hanggang pamilya.

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

© 2003 ng Intellectual Reserve Inc. Lahat ng karapatan ay nakalaan
Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika.
Pagsang-ayon sa Ingles: 5/03. Pagsang-ayon sa pagsasalin: 7/03
Pagsasalin ng *Faith in God for Boys.* Tagalog 36812 893

TAGALOG
4 02368 12893 6
36812 893